

Isang Mapanuring Paghahambing sa mga Teorya at Praxis ng Pampananampalatayang Inkulturasyon nina Anscar Chupungco At Ed Lapid /

A Comparative Study on the Theory and Praxis of Religious Inculturation of Anscar Chupungco and Ed Lapid

Glenn Irwin Cruz Reynon
De La Salle University; UST Angelicum College
glenn.reynon@ustangelicum.edu.ph

Sina Anscar Chupungco, OSB, at Ed Lapid ay dalawa sa mga pinakamarubdob na tagapagtaguyod ng inkulturalismo sa mundo ng pananampalataya sa Pilipinas. Si Chupungco ay isang Benediktinong monghe, kilala bilang dalubhasa sa liturhiya, at tagapagtatag ng Paul VI Institute of Liturgy at kauna-unahang Pilipinong rector sa Pontifical Atheneum of S. Anselm sa Roma; habang si Lapid naman ay ang punong pastor at tagapagtatag ng Day by Day Christian Ministries at ng Filipiniana Dance Troupe ng Rural High School, Pamantasan ng Pilipinas Los Baños. Ipinaghahambing ng papel ito ang teorya at praxis ng dalawang Pilipinong intelektuwal batay sa limang puntos: 1) motibasyon at mga batis, 2) teoretikal na diskurso, 3) liturhikal na inobasyon, 4) lawak at lalim ng paggamit ng kulturang Pilipino bilang pundasyon ng inkulturasyon, 5) paraan ng pagpalaganap ng kanilang teorya at praxis, at kasalukuyang estado ng kanilang naging kontribusyon. Nakabatay ang paghahambing na ito sa mga teorya at praxis nina Chupungco at Lapid sa teoryang Symbolic Interactionism Theory ni George Herbert Mead. Sa pamamagitan ng nabanggit na teorya, makikita ang pagpapaliwanag ng social organization at behavior, ang mga paniniwala na nagbibigay ng kasiyahan (satisfaction) sa tao at sa mga pangangailangan nito sa usapin ng mga senyas at simbolo sa kanilang pang-araw-araw na buhay at kultura. Ibig sabihin, sa pamamagitan ng isang mapanuring paghahambing, lalawak at lalalim ang ating kaalaman tungkol sa inkulturalismo nina Chupungco at Lapid na mag-aambag naman tungo sa ating kaalaman tungkol sa inkulturalismo sa mundo ng pananampalataya sa Pilipinas.

Mga Susing Salita: Anscar Chupungco, Ed Lapid, Inkulturalismo, Liturhiya, Pananampalataya

Anscar Chupungco, OSB, and Ed Lapiz are two advocates of inculturation in the world of faith in the *Philippines*. *Chupungco is a Benedictine monk, a well-known expert in liturgy, founder of Paul VI Institute of Liturgy, and the first Filipino rector of the Pontifical Atheneum of S. Anselm in Rome; while Lapiz is the chief pastor and founder of Day By Day Christian staineries and the Filipiniana Dance troupe of Rural High School, in the University of the Philippines-Los Banos. This paper compares the theory and praxis of two Filipino intellectuals based on five points: 1) motivation and approaches, 2) theoretical discourse, 3) liturgical innovation, 4) use of Filipino culture as foundation of inculturation, 5) methods of propagating their theory and praxis, and current state of their contribution. This comparison is based on a principle of George Herbert Mead's Symbolic Interactionism. Through this lens, it will explain the social organization and behavior of the subject, their motivation and beliefs that give satisfaction to people, and the need of signs and symbols in their day-to-day existence, and to our culture as well. That means, through a sophisticated comparison, we will expand and deepen our knowledge of Chupungco and Lapiz' contribution on inculturation in the world of faith in the Philippines.*

Keywords: Anscar Chupungco, Ed Lapiz, Faith, Inculturation, Liturgy

PANIMULA

Nakikibahagi ang mga tao sa kanilang mundo at binibigyang-kahulugan ito batay sa kanilang personal na danas at panlipunang pananaw—lahat tayo ay ipinanganak sa isang mundo ng kahulugang ipinagkaloob sa atin ng ating kultura (Creswell, 2014). Ibig sabihin, lahat ng bagay ay nakaugat sa nangingibabaw at maimpluwensiyang relihiyon sa buhay ng bawat Pilipino. Ang kaisipang ito ay maiuugnay sa pagsalig ng mga Pilipino sa mga turo ng simbahan kung paanong dapat nilang gamitin ang kanilang buhay sa araw-araw. Bahagi nito ang paglalarawan sa Diyos at pagsunod sa mga kahingian ng isang relihiyon upang matupad ang pangako ng kaligtasang kanilang pinaniniwalaan. Ang pagsunod na ito ay pinaniniwalaang magpapayabong o makapagbibigay-kahulugan sa pag-iral ng isang tao sa mundo—na ang tao ay hindi lamang umiiral, siya rin ay nabubuhay at namamatay.

Sa pag-aaral ng Social Weather Report na lumabas noong ika-28 ng Marso 2018 (isinagawa noong huling-kapat ng taong 2017) sa Attendance at Religious Services among Adults sa Pilipinas batay sa relihiyon, ang mga miyembro ng Iglesia ni Cristo ang nakakuha ng pinakamataas na porsiyento sa pinakaaktibo (90%), na sinusundan ng mga Muslim na mayroong 81%,

habang 71% naman ang Christians, at 41% naman ang mga Katoliko. Itinanong din sa mga respondente ang kahalagahan ng relihiyon sa buhay nila: 78% ang nagsabing talagang mahalaga, 7% ang sumagot ng medyo mahalaga, 2% ang sumagot ng hindi gaanong mahalaga, at 14% ang sumagot ng talagang hindi mahalaga. Kung susumahin, hindi na ganoon karami ang bilang ng mga dumadalo ng regular sa mga gawaing pangsimbahan.

Batay sa mga nabanggit sa itaas tulad ng pagbaba ng bilang ng mga taong pumupunta sa kani-kanilang bahay-dalanginan, at hindi na pagiging aktibo ng mga mananampalataya sa mga gawaing pangsimbahan, ano kaya ang mga posibleng dahilan ng mga ito? Tunay bang may *sakit* na ang simbahan?

Ayon nga kay Lode L. Wostyn, may *sakit* ang Inang Simbahan. Sa kaniyang aklat na *Doing Ecclesiology*, sinubukan niyang bigyang lunas ang nasabing “sakit” sa pamamagitan ng pagsipat sa iba’t ibang lente kagaya ng sosyolohiya, sikolohiya, antropolohiya sa kultura, at marami pang iba. Subalit hindi ito naging sapat upang mabigyang solusyon ang nasabing suliranin ng simbahan. Kinakailangang lumikha ng teyolohikal na batayan upang masuring mabuti ang simbahan. Sa pamamagitan ng mga batayang ito, makabubuo ng mga estratehiya o mga suhestiyon kung paano mabibigyang lunas ang lumalalang kondisyon ng simbahan.

Maraming mga kaugalian ang ginagawa ng bawat relihiyon upang maibalik ang mga tao sa mga bahay-dalanginan at muling maging aktibo sa mga gawaing panrelihiyon. Nariyan ang paglikha ng iba't ibang programang hihikayat sa mga taong bumalik sa simbahan kagaya ng mga paglalagay ng mga *chapel* sa mga mall, paglikha ng mga *bible study/sharing* sa YouTube, at pagli-live stream ng *bible services*, misa at iba pa sa radyo, telebisyon at Internet.

Kaya nga, ayon kay Lapid (2010) upang maging mas kaakit-akit at umakma sa kaluluwang Pilipino, ang simbahang Kristiyano ay dapat maisa-Pilipino sa lasa at anyo. Mula sa *metamorphosis* hanggang sa pag-inog, kinakailangang maging mapanuri at maingat sa pagyakap sa bersiyon ng Kristiyanismong kultura. Gayundin, sa libro ni James Carey (1989) na *Communication as Culture*, ipinakita ang anyo at relasyon ng komunikasyon, kultura, at teknolohiya. Ayon kay Carey, may mga anyo ng komunikasyon na ang pangunahing layunin ay palakasin ang komunidad sa pamamagitan ng pagpupunla ng pakikilahok, at makihati sa pakikipagtalastasan o pang-komunidad na karanasan.

Sa pagtatangkang maibalik ang mga tao sa mga bahay-dalanginan, isa sa mga naging hakbang ay ang inkulturasyon—ang paglalapat ng kulturang Pilipino sa mga liturhikal na ritwal. Ganito ang naging adbokasiya ng dalawa sa mga pinakamarubdob na tagapagtaguyod ng inkulturismo sa mundo ng pananampalataya sa Pilipinas, na sina Anscar Chupungco at Ed Lapid. Nilikha ni Chupungco ang Misa ng Bayang Pilipino na naglalayong mailapat ang lingguwistiko at mga ritwal sa kultura ng relihiyosong Pilipino. Gayundin ang *pagpapahiyang* ng *Day By Day Christian Ministries* na itinatag ni Ed Lapid na naglalayong *matubos* ang mga sayaw at ritwal na nakaugat sa kulturang Pilipino.

Nakipanayam ang mananaliksik sa mga *key informant* upang mapagyaan ang impormasyon sa dalawang iskolar. Nag-interbyu ang mananaliksik ng isang *liturgist* mula sa Diyosesis ng Malolos, at dating estudyante ng Paul VI Institute of Liturgy sa Malaybalay upang makakuha ng mahahalagang impormasyon tungkol kay Chupungco. Sa kabilang banda, nakipanayam din ang mananaliksik sa isa sa mga administrador ng *Day By Day Christian Ministries*, at kaibigan ni Ed Lapid upang makapangalap ng datos tungkol kay Lapid. Malaking tulong din ang mga pangunahing teksto tulad ng *Liturgy for the*

Filipino Church. A collection of Talks of Fr. Anscar J. Chupungco, OSB ni Manabat (2004), at ang *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity* ni Lapid (2010).

Binubuo ng tatlong substantibong bahagi ang pag-aaral na ito upang mapagtagumpayan ang mapanuring paghahambing ng dalawang iskolar: una ay tungkol sa teorya at praxis ni Anscar Chupungco, pangalawa ay tungkol sa teorya at praxis ni Lapid, at pangatlo ay ang paghahambing ng kanilang teorya at praxis. Sinipat ang mga sumusunod sa paghahambing: (1) Motibasyon at mga Batis, (2) Teoretikal na Diskurso, (3) Liturhikal na Inobasyon, (4) Lawak at lalim ng paggamit ng kulturang Pilipino bilang pundasyon ng inkulturasyon, at (5) Paraan ng Pagpapalaganap ng kanilang Teorya at Praxis at Kasalukuyang estado ng kanilang mga kontribusyon.

Nakabatay ang paghahambing na ito sa mga teorya at praxis nina Chupungco at Lapid sa *Symbolic Interactionism Theory* ni George Herbert Mead. Sa pamamagitan ng nabanggit na teorya, makikita ang pagpapaliwanag ng *social organization at behavior*, ang mga paniniwala na nagbibigay ng kasiyahan sa tao at sa mga pangangailangan nito sa usapin ng mga senyas at simbolo sa kanilang pang-araw-araw na buhay at kultura. Dagdag pa rito, makikita sa teoryang ito ang internal na manipulasyon ng mga simbolo at iba't ibang interpretasyon ng mga kahulugan.

ANSCAR JAVIER CHUPUNGCO, OSB

Si Jose Herminio Javier Chupungco ay ipinanganak sa lalawigan ng Rizal, bunso sa pitong magkakapatid. Maiugat ang angkan ng Chu Pung Co sa kaniyang lolo na nagmula sa Fukien, isang probinsiya sa China, na pumunta sa Pilipinas noong 1990. Sa edad na 16, pumasok siya sa monasteryo ng Abbey ng Our Lady of Montserrat sa Maynila bilang postulante noong taong 1956. Kinalaunan, siya ay naging ganap na nobis, at pinangalanang *Anscar*. Nag-aral siya ng pilosopiya at teolohiya sa Unibersidad ng Santo Tomas Central Seminary, at nakakuha ng *licentiate* sa mga naturang kurso. Napansin ng kaniyang mga *abbot* ang kaniyang talino at galing kaya naman matapos siyang ordenahan bilang isang pari noong 1965, siya ay agad na ipinadala sa Pontifical Atheneum of S. Anselmo sa Roma upang mag-aral ng liturhiya. Labag man ito sa kaniyang kalooban sapagkat *systematic theology* ang kaniyang

gustong pag-aralan, natutuhan niya ang karunungan sa likod ng karanasang ito.

Sa kaniyang pagpasok sa Pontifical Atheneum of S. Anselmo sa panahon ng Second Vatican Council, malaki ang naging ambag ni Burkhard Neunheuser, isang monghe ng Maria Larch sa Germany, sa buhay at pag-aaral ni Chupungco. Si Neunheuser ang nagtatag ng kursong *liturgical inculturation* sa San Anselmo. Dahilan ito upang lalong mamangha si Chupungco kay Neunheuser—dahilan sa kaniyang interes sa relasyon ng liturhiya at ng kultura. Kaya naman, iniangkla ni Chupungco ang kaniyang disertasyon na pinamagatang *The Cosmic Elements of the Christian Passover* na tumatalakay sa pangangailangan ng inkulturasyon sa pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay. Ipinaliwanag ni Chupungco ang pangangailangan na mapagsanib ang kapistahan ng Pasko ng Pagkabuhay sa isang kulturang Asyano at tropikal sa pamamagitan ng pagtingin sa kung paano naitala ang kasaysayan nito sa Hudaismo at naimpluwensiyahan ng kosmikong relasyon nito sa vernal equinox. Natapos niya ang kaniyang pag-aaral ng Doktorado sa Teolohiya na may pokus sa liturhiya noong 1969.

Bumalik si Chupungco sa Maynila at nabigyan ng iba't ibang ministeryo sa monasteryo. Nagturo siya sa San Beda (College) University at San Carlos Seminary ng teolohiya at liturhiya. Siya rin ay isa sa mga nagtatag ng Maryhill School of Theology noong 1971. Subalit matapos ang apat na taon, bumalik siya sa Roma upang magturo. Siya ay inimitahan ng kaniyang gurong si Neunheuser. Ang kaniyang pagiging taal sa klasikal na pamamaraan ng liturhikal na pananaliksik na itinuro sa San Anselmo na may pokus sa kritisismo ng mga liturhikal na teksto sa kanilang mga orihinal na wika, na nakaangkla sa kasaysayan at missiology, at ang kaniyang Asyanong kaligiran, ay nagbigay ng isang natatangi at labis na pinahalagahang kontribusyon sa fakulti. Kinalaunan, siya ay naging ikatlong Pangulo ng Pontifical Liturgical Institute noong 1978. Si Chupungco ang humalili sa kaniyang gurong si Neunheuser, hanggang siya ay mahalal bilang Rektor ng Pontifical Athenaeum ng San Anselmo sa Roma noong 1986.

Malaki ang naiambag ni Chupungco sa Second Vatican Council. Gumawa siya ng hermenyutik na pagpapakahulugan sa kaniyang Magna Carta of Liturgical Adaptation, artikulo bilang 37 hanggang

40 ng Constitution on the Sacred Liturgy ng Second Vatican Council. Ito ay nagbigay-daan sa *cultural adaptation* ng liturhiya ng Romanong Katoliko. Kahit sa liturhiya, hindi ninanais ng simbahan na magpataw ng pagkakatulad sa mga bagay na hindi nakaaapekto sa pananampalataya o kagalingan ng buong pamanayan. Sa halip ay linangin at palakasin ang mga katangian at talento ng iba't ibang lahi at bansa. Ito ang naging pamantayan ni Chupungco sa kaniyang buhay bilang isang iskolar at pagiging relihiyoso.

Samantala, ipinakita rin ni Chupungco ang paraan kung paano inilalapat ng simbahan ang liturhiya sa kultura—inkulturasyon. Dinalumat niya ito bilang proseso kung saan ang mahahalagang elemento ng lokal na kultura ay isinama sa mga teksto, ritwal, simbolo, at mga tagubilin na ginagamit ng lokal na simbahan para sa kanilang pagsamba. Ito ay isang prosesong maaaring mabago sa pagdaan ng panahon. May tatlong antas ang proseso ng inkulturasyon: *juxtaposition*, *integration*, at *creativity*. Ang juxtaposition ay tumutukoy sa akulturasyon. Ang paglalapat ng nobena sa Ina ng Laging Saklolo sa Misa ay isang halimbawa nito. Gayundin, ang salubong tuwing Linggo ng Pagkabuhay, kung saan ang imahen ng Mahal na Birhen at ng Muling Pagkabuhay ay ipinuprusisyon sa buong baryo at pinagsasalubong sa harapan ng simbahan. Sa ritwal na ito, ang itim na belo ng Mahal na Birhen ay inaalalis ng isang batang gumaganap bilang isang anghel habang inaawit ang *Regina Caeli*. Pangalawa, ang inkulturasyon ay nangangailangan ng malalim na antas ng integrasyon sa pagitan ng kultura at liturhiya. Ayon nga sa Constitution on the Liturgy, Article 1: *to adapt more suitably to the needs of our times those institutions that are subject to change*. Ang integration na ito ay tumutukoy sa pag-impluwensiya ng kultura sa paraan kung paano isinasagawa ang mga ritwal, at ang pagbuo at pagbigkas sa mga dal. Ang transisyon ng wika sa liturhiya mula Griyego patungong Latin, na may mga estilo pa rin mula sa mga ritwal ng mga Romano ay isang halimbawa ng integration. At panghuli, ang creativity (o pagiging malikhain) ay bahagi ng prosesong ito. Isang halimbawa nito ay ang komposisyon ng mga bagong teksto sa liturhiya na sumasalamin sa proseso ng pag-iisip at retorika ng isang lokal na wika. Kaya nga, sa panayam ni Chupungco sa 5th National Meeting of Diocesan Directors of Liturgy noong Agosto 1990, pinagtibay niya ang kahulugan ng inkulturasyon:

Inculturation is a more fruitful kind of union between two cultures. It operates through the dynamics of interaction which results in mutual assimilation. I think the formula $A + B = C$ aptly represents inculturation. The formula points to a qualitative change in both A and B, as a result of their interaction and mutual assimilation. A is transformed into C, and so is B. However, A does not become B nor does B become A: both keep their identity, thanks to the dynamics of transculturation which is at work in the process of inculturation. The dynamics of transculturation is a safeguard that the cultures keep their own identity in the course of interaction and mutual assimilation.

Ganap na makikita ang liturhikal na inkulturasyon sa mga librong nailimbag sa Latin ng Romanong Katoliko. Ang mga ito ay inayos alinsunod sa Second Vatican Council. Gayundin, nagsilbi itong pamantayan ng mga pagsasalin sa mga bernakular na mga wika kung saan ipinagdiriwang ang liturhiya. Ang paraan ng pagsasalang ito ay tinawag ni Chupungco na *dynamic equivalence*. Ito ay nagsisimula sa kung ano ang umiiral sa liturhiya at kung paanong ang kultura ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad nito. Bukod dito, layunin nitong mabigyan ng kahulugan, gamit ang mga salita, at ekspresyon ng katutubong wika na hindi kinakailangang katumbas sa orihinal na teksto sa Latin, na gumagamit ng imahen at likas na nagbibigay ng kahulugan. Sa madaling salita, ang *dynamic equivalence* ay isang uri ng pagsasalin. Si Chupungco ay kilala bilang isa sa mga pangunahing tagapagsalin na tapat sa orihinal na kuhulugan Latin ng teksto, habang masinop din niya itong tinitingnan sa wikang Ingles. Sa katunayan, isa rin siya sa mga nanguna sa Revision and Translation Committee ng International Commission on English in the Liturgy (ICEL) sa loob ng sampung taon.

Hindi lang nagpokus si Chupungco sa pagbibigkis ng liturhiya at kultura sa Romanong Katoliko. Kahit pa sa ibang relihiyon ay nakapag-ambag din siya. Isa si Chupungco sa mga nagrebyu ng mga dokumento sa World Council of Churches at sa Lutheran World Federation. Nakapagbigay rin si Chupungco ng mga artikulo sa taunang konsultasyon sa liturhikal na kontekstuwalisasyon ng liturhiya at kultura.

Sa Pilipinas, ang relihiyosong kultura ng mga Pilipino ay makikita sa debosyon, mga prusisyon, mga altar, at mga relihiyosong pagtatanghal at sayaw.

Malaki ang naging impluwensiya ng *popular religiosity* ng mga Pilipino sa liturhiya. Ayon nga sa Constitution on the Liturgy, Artikulo 37 hanggang 40, isinasaad dito na ang popular religiosity ay isa sa mga maaaring mailapat sa liturhiya. *I see no reason why popular religiosity, which is cultural in nature but Christian by nature, should not have a role in the process of liturgical inculturation* (Chupungco, 1990). Isa na rito ang Misa ng Bayang Pilipino. Ito ay isa sa mga pagtatangka ni Chupungco na ilapat ang lingguwistiko at mga ritwal sa kultura ng relihiyosong Pilipino.

Ang Misa ng Bayang Pilipino ay isang pagtatangka ng inkulturasyon ng Roman Order ng misa sa konteksto ng kultura at tradisyon ng mga Pilipinong Katoliko. Layunin nitong maipahayag nang wasto sa mga Pilipino ang mayamang kultura nito sa pamamagitan ng *dynamic equivalence*. Ang Misa ng Bayang Pilipino ay hindi nagmula sa liturgical creativity kundi sa isang dinamikong salin ng order ng Misa. Noong 1974 pa lamang ay naihain na sa mga Theologian, Liturgist, Cultural Anthropologist, Linguistics, at Kagawaran ng Pambansang Wika ang Misang ito upang masuri at mapagyan. Kaya nga, masasabing ang Misa ng Bayang Pilipino ay isang ritwal o uri ng pagsambang sumasalamin sa kultura ng mga Pilipino na maaari nilang angkinin. Itinuturo ng ritwal na habang ang mga elemento mula sa mga tanyag na relihiyosong kultura ay nagbibigay ng inspirasyon sa mga elemento ng ritwal sa pagdiriwang, ang kaisahan ng Roman Rite ay hindi makokompromiso. Subalit, hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin nabibigyan ng pahintulot ng Roma ang Misa ng Bayang Pilipino.

Samantala, pagbalik ni Chupungco sa Maynila, nahati ang kaniyang atensiyon sa kaniyang mga responsabilidad sa Roma at sa Pilipinas. Itinatag niya ang Paul VI Institute of Liturgy sa Malaybalay sa Bukidnon noong 1991 na nasa ilalim ng kapulungan ng mga Obispo sa Pilipinas. Ito ay naglalayong matulungan at maturuan ang mga pari at layko tungkol sa pag-aaral ng liturhiya. Nagpokus si Chupungco sa Malaybalay at kalaunan, ito ay naging sentro para sa pastoral na pag-aaral ng liturhiya hindi lang sa Pilipinas, kundi sa Timog-silangang Asya. Noong 1997 nang magbitiw sa posisyon si Chupungco sa San Anselmo dahil sa sabay na pangangasiwa sa Roma at Pilipinas, at dahil na rin sa maraming responsabilidad.

Noong 1998, naging dekanong Graduate School of Liturgy ng San Beda University-Manila si Chupungco. Kasabay nito, inatasan din siyang maging Executive

Secretary ng Episcopal Commission on Liturgy at *Regional Secretary* ng *Asian Liturgy Forum*. Noong Abril 2, 2001 siya ay hinirang na Rektor-Pangulo ng San Beda University, isang posisyong kaniyang ginampanan hanggang Abril 2007. Tunay ngang malaki ang naging ambag ni Chupungco sa pag-aaral ng liturhiya sa iba't ibang panig ng mundo.

Ilan sa mga huling naisulat ni Chupungco ay ang kaniyang pag-aaral sa *reform of the reform*. Sa pagpapalaganap ni Chupungco ng inkulturasyon ay siya namang paglathala ng Congregation for Worship 2002 tungkol sa pagsasalin. Ito ay isang paraan ng pagsasalin na tinatawag na *formal correspondence* na lumilikha ng isang malaking balakid sa inkulturasyon. Ito ay mas nakapokus sa rubrikal at hindi sa pastoral na paraan sa liturhikal na kaugalian. Dagdag pa rito, binigyang-pansin niya rin ang desisyon ni Pope Benedict XVI na itatag ang *medieval Roman Rite of Missal* ni Pope Pius V bilang isang *extraordinary form* na anyo ng Roman Rite.

Instead of being fascinated by its past, the Church should live in the present and be enthralled, for example, by the ever-advancing world of technology. Whether we want it or not, this great gift of God to humankind will sooner or later penetrate liturgical worship. There is a need to address such issue as what role to assign to iPads, among others, in place of the traditional liturgical books. This is just one example of how I envision inculturation in our modern, technological world that has drifted away from the medieval culture of the Church (The Constitution on the Liturgy and the Future of Inculturation).

Si Chupungco ay nakatakda sanang bigyan ng Bishop Jorge Barlin Golden Cross Award mula sa Catholic Bishops' Conference of the Philippines at ng Pro Ecclesia et Pontifice Cross of Honor mula sa Santo Papa noong Enero 26, 2013, subalit noong Enero 9 ng taong iyon, binawian siya ng buhay sa edad na 73. Gayunman, ang kaniyang adbokasiya sa inkulturasyon ay nanatili. Sa paggamit ni Pope Francis ng rubrikal na batas noong Huwebes Santo noong 2014, sa misa ng Huling Hapunan kung saan hinugasan niya ang mga paa ng mga bata, kasama ang isang Muslim na bata, ito ay maaaring hudyat ng pagbabalik ng inkulturasyong itinaguyod ni Chupungco.

Batay sa *Anthropology of Christianity* (2006), ipinaliwanag ni Connell na higit na mauunawan kung paano nagiging mas makabuluhan ang Katolisismo sa loob ng komunidad kung susuriin ang iba't ibang mga kontradiksiyon sa loob ng mismong institusyon (Tiatco, 2016). At anumang panlipunang pagtitipong ginagawa sa loob ng konteksto ng relihiyon ay higit na lumilina sa panlipunang pagkakaisa at kaayusan (Sevilla, 2015). Kaya, sa pagtatangka nating gamitin ang inkulturasyon, inaasahang matuklasan pa natin ang yaman ng isang liturhikal na tradisyong maipamamana natin sa mga susunod pang henerasyon.

EDUARDO MENDOZA LAPIZ

Si Eduardo Mendoza Lapiz o mas kilala bilang Kuya Ed ay nagmula sa lalawigan ng Laguna. Kilala si Lapiz bilang isang mananaliksik, isang nasyonalista, isang pastor, isang *dance director*, isang manunulat, at marami pang iba. Si Lapiz ay may digri sa Mass Communication at Anthropology. Gayundin, nagtapos siya sa kursong Batsilyer sa Malayang Sining sa Philippine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1994. Samantala, magkasunod siyang kumuha ng Masterado at Doktorado sa Araling Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas. Sa kaniyang pag-aaral, nadebelop lalo ang kaniyang pagpapahalaga at pagmamahal sa araling Pilipinas, at maging ang kaniyang adbokasiya sa Cultural Redemption.

Ilan sa mga pangunahin niyang adbokasiya ay ang mga sumusunod: Siya ang nagtatag at nangangasiwa ng Gayyum di Payo na naglalayong mapangalagaan at mapaunlad ang Ifugao rice terraces. Siya rin ang nagtatag, *artistic director*, punong tagapagsaliksik at direktor ng KALOOB Philippine Music and Dance Ministry. Dagdag pa rito ay ang kaniyang adbokasiya sa pangangalaga at pagpapaunlad ng *heritage architecture*. Nakapagsaliksik siya ng isang malawak na pag-aaral sa mga lumang Pilipinong mansiyon. Matagumpay niyang itinaguyod ang pagsasama ng mga *backdoor/service* na hagdan sa Rizal Shrine sa Calamba noong 1998. Si Lapiz din ang nagpasimula ng taunang fiesta sa Evangelical Christians, sa konteksto ng makulay na tradisyong Pilipino. Mula noong 1997, ang Pistang Kristiyano ay ipinagdiriwang na taon-taon, sa lokal at pambansang antas. At panghuli, ang kaniyang adbokasiya sa pagsasa-Pilipino ng liturhiya ng Christian Church at ang dekolonisasyon ng Kristiyanismo sa Pilipinas.

Sa murang edad pa lamang ni Lapid ay nakitaan na siya ng interes sa kultura ng Pilipinas, partikular na sa pagsasayaw. Noong 1968 nang itatag ni Lapid ang Filipiniana Dance Troupe sa UP Rural High School sa Los Baños na hanggang sa ngayon ay aktibo pa rin. Kaya naman noong 1995, itinatag niya ang Kaloob. Ang Kaloob: Philippine Music and Dance Ministry na itinatag at pinamamahalaan ni Lapid, ay isang grupong binubuo ng mga may bokasyon sa pananaliksik, pagtubos at promosyon ng kultura ng mga *indigeneous people* para magamit sa Kristiyanong ebanghelisasyon at pagsamba, isang organisasyong itinalaga para sa sayaw at musika. Maipahahayag ang proseso ng Cultural Redemption sa pagbuo ng Kaloob. Ang unang hakbang ay ang pananaliksik at dokumentasyon. Bago *matubos* ang isang bagay, kinakailangan munang malaman kung ano ang maaaring matubos sa pamamagitan ng pananaliksik. Kailangang ugatin kung ano at kung paano ito nagsimula. Ang ikalawa naman ay ang edukasyon at pagsasanay. Matapos magsaliksik at magdokumento ng mga datos, kinakailangan itong salain—pag-aaralan ang penomenon, at ilalapat ito sa doktrina ng mga Kristiyano. Halimbawa na lamang ay ang “Pandanggo sa Ilaw.” Isinayaw ito ng Kaloob sa kanilang pagdiriwang ng Linggo ng Pentekostes. Ang mga apoy sa ulo ng mga sumasayaw ay nagsilbing mga apoy na bumababa mula sa Espiritu Santo. Ayon nga kay Lapid (2010) isinasayaw namin ito bilang pag-alala sa paglukob ng Espiritu ng Diyos sa Kaniyang mga mananampalataya. Binigyan namin ito ng isang malalim na kahulugan—ito ay naging simbolo ng kung ano ang pinaniniwalaan.

Nakapagtala na ang Kaloob ng maraming parangal at pagkilala kabilang na ang parangal ng Cultural Center of the Philippines bilang isang nangungunang katutubong *dance company*. Mahigit sa 200 katutubong ritwal, sayaw, musika at kasuotan at *musical accompaniment* ang nasaliksik at naipreserba ng Kaloob. Nakalulungkot na marami sa mga ito ang halos nabura na sa kultura ng mga lokal. Subalit ngayon, ang mga ito ay naitala na sa mga publikasyon, at karamihan sa mga sayaw na ito ay itinatanghal sa taunang pista ng sayaw ng CCP at sa marami pang *international dance festival*, workshop, at mga kumperensiya.

Nakapaglimbag din si Lapid ng mahigit na sa 40 publikasyon na nakatulong sa kaniyang adbokasiya ng Cultural Redemption. Isa sa mga ito ang *Paano Maging Pilipinong Kristiano* (1997). Ipinaunawa ni Lapid sa librong ito kung ano at sino ang mga Pilipino bago

pa dumating ang mga Espanyol. Ayon nga kay Lapid (2010), *Filipino Christian worship has been mindlessly structured after Western prototypes without regard for indigenous and, still very much alive, Filipino concepts of time, space, spirituality and community*. Layunin nitong maiangkla ang Kristiyanismo batay sa kasaysayan, etnisidad, at kultura. Gayundin, ang maibalik ang kulturang Pilipino upang maging konteksto at bahagi ng Kristiyanismo sa bansa.

Isa sa mga naging kontribusyon ni Lapid sa Cultural Redemption ay ang kaniyang pag-aaral na may pokus sa lokal na teyolohiya na: *Renewed Awareness and Appreciation of local culture indicate positive reception of the Pasyon among the Evangelicals particularly at the DBD Christian Ministries of Pastor Ed Lapid, making it a possible liturgical expression of the Evangelical Faith*. Mga Katoliko lamang ang kilalang gumagawa ng pabasa. Subalit, kinalaunan, ang pagbasa ng *Pasyon* ay isa na rin sa mga *natubos* nina Lapid. Isinulat nila ito na may bagong teksto. Ito ay *Pasyon* na nakabatay sa mga ebanghelyo. Ito rin ay una nang isinagawa ng *Day By Day Christian Ministries*. *That is why when we first did it in church, it was very exciting. We opened the garage and closed the street, as others would. Then we set up chairs and tent-tops and read the Pasyon from 2 in the afternoon to 9 in the evening, even as we served guinatan, palitaw (rice cakes) and other delicacies* (Lapid 201).

Gayundin ang mga fiesta. Para sa mga Protestante, ang mga fiesta ay masama dahil sa pag-uugnay nito sa mga patron o tinatawag ng mga Katolikong mga “santo”. Para sa kanila, ito ay malinaw na *idolatry*. Ang fiesta ay isang Pilipinong tradisyon na (dapat) nagpapahayag ng pagpapasalamat sa Diyos at hindi kung kanino man. Kinakailangang maunawaan ng mga tao ang tunay na kahulugan kung bakit isinasagawa ang tradisyong ito. Ayon nga kay Lapid (2010), *do away with patron saints, but not with fiesta. The fiesta as tradition and expression can be taken and used for the worship of God*. Isa rin ito sa mga *natubos* nina Lapid. Itinalaga ng Day By Day Christian Ministries ang unang araw ng Mayo bilang National Feast for Jesus o Pistang Kristiyano. Ang fiesta ay isang Pilipinong kaugalian. Ipinakikita nito ang kagustuhan ng mga Pilipino mula sa paghahanda at pananabik sa pagdating ng mga bisita, pagtanggap ng bisita, ang kasayahan, ang pangangilabot sa pagsabog ng mga paputok tuwing fiesta, ang mga parada, at pagsayaw sa lansangan.

Samakatwid, ang ministryo ni Lapid sa Cultural Redemption ay nakaangkla sa pag-ugat sa Pilipinong simbahan.

Hindi maikakaila na ang mga sayaw sa Pilipinas ay naiuugnay sa pagsamba. Ang mga Pilipino lalo na ang mga katutubo ay patuloy pa rin sa pag-indayog upang ipahayag ang kanilang pasasalamat at pananampalataya. Subalit, ang ilan sa mga ritwal na ito ay pinaniniwalaang pagano. Bukod pa rito, noong naging Katoliko tayo, at kalaunan ay Protestante o Ebanghelikal, kanluranin ang ating mga musika, at pati na rin ang mga instrumentong ginagamit kaya naman nagkaroon ng malawakang importasyon ng mga kanluraning instrumento (Lapid 231). Kaya nga, ang mga sayaw at musika ay kinakailangang matubos at masala. Sapagkat ang mga sayaw ay makapangyarihang paraan ng ebanghelisasyon at pagsamba.

The culture of the Philippine Christianity is predominantly foreign in essence and form, a phenomenon rooted largely in the country's colonial history. Spain propagated Roman Catholicism during its rule in the Philippines from 16th through the 19th centuries. America brought Protestantism when it occupied the country from 1899 to 1946. The result is Christianity wearing a Western colonial face. With every step that Christianity took forward, Philippine Indigenous culture was pushed backward to the extent that successful evangelization almost became equated with destruction of native culture and identity (Lapid 168).

Samantala, si Lapid din ang nagtatag at tagapamahala ng Day By Day Christian Ministries noong 1985. Nagsimula lamang ito sa isang *prayer meeting* ng mga OFW sa Riyadh, Saudi Arabia, hanggang sa lumawak at nagkaroon na rin ng mga miyembro mula sa iba't ibang parte ng mundo tulad ng Japan, Hong Kong, Middle East, Pakistan, Australia, New Zealand, Canada, USA at Pilipinas. Itinatag ni Lapid ang Day By Day Christian Ministries bilang ministryo ng cultural redemption na naglalayong ibalik at gamitin muli ang mayamang kultura ng Pilipinas sa liturhiya ng simbahan—gamitin ang kultura ng Pilipinas sa pagpapahayag ng salita ng Diyos. Ayon kay Lapid (46), *a typical Evangelical Christian worship service, with rigid structure, formality and stiffness, is*

culturally very un-Filipino. Isang malaking kahinaan ng mga religious group ang *evangelism*, at kahit ang pagbubuhay sa Pilipinas ay maiuugat sa malaking impluwensiya ng mga kanluranin. Nakaangkla ang mga paniniwala, *paradigm*, pamamaraan, at mga polisiya sa mga kanluraning bansa.

Ipinahahayag naman ng mga taga-Day By Day Christian Ministries ang kanilang mga ritwal sa pamamagitan ng ritwal ng pagsasayaw. *Filipinos are a musical—very musical—people* (Lapid 50). Kapag kumakanta ang mga Pilipino, gusto niyang kumanta ng maraming kanta; *lively songs, reflective songs, danceable songs*. Gusto niyang pumapalakpak ang mga kamay, yumuyugyog ang mga ulo, gumagalaw ang mga katawan, at pumapadyak. Gusto ng mga Pilipinong sumayaw. Sa katunayan, ang katutubong kultura ng mga Pilipino, lalo na ang relihiyon, ay puno ng paggawa ng musika, awit, at sayawan. Dagdag pa ni Macasaet (2009), ang totoong kakanyahan ng relihiyon ay tila nawala sa isang *subjective, touchy-freely criterion* ng kasiyahan sa sarili, habang ang mga Pilipino ay lumipat sa direksiyon ng isang *individual-expressive* na pagkatao ng relihiyon.

Sumasalamang ang kultura sa mga tao sa isang bansa. Para kay Lapid, ang isang taong dominado ng isang banyagang bansa ay hindi makakukuha ng kaakuhan sa kaniyang pinagmulan. Ang isang bansang dominado ng isang banyagang bansa ay isang nawalang bansa; o hindi matatawag na isang bansa. Marami nang mga pag-aaral na nagsasabi na ang Pilipinas ay isa sa mga pinaka-espiritwal, na may pinakamaraming bilang ng Kristiyano. Pero kung susumahin, malaki ang naging impluwensiya ng mga kanluraning bansa sa Pilipinas. Kung uugatin ang pagsamba ng mga Pilipino o ang *indigenous worship* bago pa ito masakop, maraming mga ritwal ang tao. Sumasayaw. Kumakanta. Ginagawa ang mga ritwal na ito bilang isang pasasalamat at pagsamba. Ang lahat ng mga ito ay ipinahahayag sa bernakular na wika. Nariyan din na ang babae ang tumatayong pinuno mula sa kanilang grupo—sila ang mga babaylan. Lahat ng miyembro ng isang grupo ay maaaring makiisa at makilahok sa pagsamba—mula sa proseso hanggang sa pagsasakatuparan ng mga ritwal. Ganito inilalarawan ang indigenous worship bago pa mabahiran ng mga banyagang bansa ang kulturang Pilipino. Ayon nga kay Lapid (230), *the context of indigenous Filipino worship is native culture, featuring what is inherent, what has been passed on from generation to generation, reinvented,*

reinterpreted by generation but steadied by tradition. Subalit nang dumating ang mga mananakop, nakalaya man ang Pilipinas pero ang mga ritwal, tradisyon, at iba pa ay nabahiran na ng mga kanluranin. Ang orihinal na imahen ng kulturang Pilipino ay nabago. Nabago ang wika. Binawasan ang musika at sayaw. Nabago ang paraan ng ritwal at pagsamba. Kaya inihalintulad ni Lapiz ang mga kakanluranin sa ibong adarna, ayon sa kaniya:

So what happened to Filipinos? Having listened too closely and too long to the Ibong Adarna, the magical bird, they turned into stone. Do you know what has to be done so you will not turn into stone? Your arm has to be slashed and a lemon squeezed unto the wound, so that the pain will rouse you from sleep. You see, once you are enthralled by the "magical bird", the colonialist church, you will turn into stone. That is why the nation has lost its wits, has turned into stone (Lapiz 243).

Maraming ginawa ang mga Pilipino upang labanan ang mga pananakop. Isa sa mga nakaalpas ay ang sayaw na *Subli* ng mga taga-Batangas gamit ang mga instrumentong *kalaste* at *tugtugan*. Dagdag pa rito, ang *Pasyon* din ay ginawa upang maiwasan ang pagdarasal sa Latin. Hindi man ito pinigilan ng mga Espanyol, subalit ang gawaing ito ay patuloy pa ring isinasagawa sa labas ng mga bahay-dalanganin. Ang mga kanluraning gawi ay ang mga sagrado, at ang mga tumataliwas dito ay tinitingnan bilang isang kulto o galing sa demonyo.

Para kay Lapiz, dapat isalin ang Salita ng Diyos sa sariling kaakuhan, sa pambansang wika. Nararapat lang na igalang ang sariling kultura. Dagdag pa niya, *I have strongly advocated the creation, establishment, launching and dissemination of a true Filipino Christianity. We must be able to form our own Filipino Theology—Scriptural, Biblical, but Filipino in framework, because our customs and mores, our culture, are very different.* Kabilang sa mga natatanging ministeryo ni Lapiz ang itanim ang binhi ng nasyonalismo sa mga mamamayang Pilipino, ang inisyatiba sa pagbibigay ng kahalagahan sa at progresibong paggamit ng kultura, paggamit ng sining at kultura sa pagsamba sa Kristiyano, at sa pangkalahatan, ang Cultural Redemption at pagpapanatili ng kultura at tradisyon ng Pilipinas—ang *pagpapahiyang*.

PAGHAHAMBING

Kagaya nang nabanggit sa introduksiyon, ang paghahambing na ito ay nakapokus sa teorya at praxis nina Anscar Chupungco at Ed Lapiz. Ito ay sinipat batay sa limang puntos: 1) motibasyon at mga batis, 2) teoretikal na diskurso, 3) liturhikal na inobasyon, 4) lawak at lalim ng paggamit ng kulturang Pilipino bilang pundasyon ng inkulturasyon, 5) paraan ng pagpalaganap ng kanilang teorya at praxis at kasalukuyang estado ng kanilang naging kontribusyon. Gayundin, ito ay nakabatay sa teorya ni George Herbert Mead na Symbolic Interactionism.

Motibasyon at mga Batis

Malaki ang naging impluwensiya ni Burkhard Neunheuser kay Chupungco noong pumasok siya sa Pontifical Atheneum of S. Anselmo sa Roma upang kumuha ng liturhiya. Ang pagpapakadalubhasa ni Neunheuser sa liturgical inculturation ang nagtulak kay Chupungco upang lalong palalimin ang kaniyang interes sa relasyon ng liturhiya at kultura. Kaya nga, ang kaniyang pag-aaral na *The Cosmic Elements of the Christian Passover* ay tumalakay sa pangangailangan ng inkulturasyon sa pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay. Isinulong niya ang kontekstuwalisasyon at inkulturasyon ng Muling Pagkabuhay sa Asya na may tropikal na kultura. Gayundin, tiningnan ni Chupungco kung papaanong iniangkila ang kultura at kasaysayan sa Hudaismo. Samakatwid, ang mga ito ang naging batis ni Chupungco sa kaniyang adbokasiya ng inkulturasyon. Ito rin ang nagsilbing pundasyon niya sa kaniyang mga pag-aaral at pagtuturo kinalaunan.

Sa kabilang banda, si Lapiz naman ay nagsimula na sa kaniyang ministeryo sa murang edad niya. Noong 1968, nang siya ay nasa hayskul, ay kinakitaan na ng hilig at interes sa pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Naging ganap ito noong itinatag niya ang Filipiniana Dance Troupe sa UP Rural High School. Layunin ng grupong ito na mabigyang buhay at magkaroon ng kamalayan ang mga tao sa yaman at ganda ng mga sayaw ng mga Pilipino. Hanggang sa ngayon, ang grupong ito ay aktibo at patuloy pa rin sa kanilang gawain. Bukod dito, napagyaman pa ni Lapiz ang kaniyang pagmamahal sa kulturang Pilipino nang kumuha siya ng Araling Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas mula kolehiyo hanggang sa kaniyang doktorado. Dito, lalo pang napakinis ni Lapiz ang

kaniyang bisyon sa Cultural Redemption.

Makikitang mas bata man ng labindalawang taon si Lapid kay Chupungco, mas maagang nadebelop ang adbokasiya ni Lapid sa inkulturasyon. Gayundin, may mas malawak na pag-aaral si Lapid sa araling Pilipinas kung ihahambing sa pinag-aralan ni Chupungco. Hayskul pa lamang si Lapid ay nakitaan na siya ng interes sa kulturang Pilipino, at ito ay nagpatuloy hanggang sa kaniyang doktorado. Samantalang naipakilala lamang kay Chupungco ang ideya ng inkulturasyon noong siya ay nag-aral sa Roma. Limitado lamang sa liturhikal na inkulturasyon ang naging pag-aaral ni Chupungco na nadebelop na lamang sa kaniyang ministryo.

Teoretikal na Diskurso

Baon ang mga natutuhan kay Neunheuser sa liturgical inculturation at ang iba pang karunungan nadebelop ni Chupungco sa San Anselmo, inilahad niya ang mga paraan at proseso ng inkulturasyon na naglalayong mailapat ang mga ritwal ng simbahan sa kultura. Daraan sa tatlong antas ang proseso ng inkulturasyon. Ang una ay ang juxtaposition na tumutukoy sa akulturasyon. Ito ay tumutukoy sa kultural na modipikasyon ng isang indibidwal o grupo. Sumunod naman ang integration. Ito ay ang paglalapat ng kultura sa paraan kung paano isinasagawa ang mga ritwal. At ang panghuli ay ang creativity o pagiging malikhain sa pagsasagawa ng inkulturasyon. Sa ganitong proseso, nabuo ang metodo ni Chupungco na tinawag niyang dynamic equivalence. Ito ay isang uri ng pagsasalin na nagpapaunlad sa kung ano ang umiiral sa liturhiya gamit ang kulturang Pilipino.

Ang cultural redemption naman ni Lapid ay nakaangkla sa pag-ugat sa Pilipinong simbahan. Layunin nitong tubusin ang mga gawi at tradisyon ng mga Pilipinong nabalot ng mga kanluraning bansa. Para kay Lapid, may tatlong proseso ang cultural redemption. Una, kinakailangan ng pananaliksik at dokumentasyon. Kinakailangang malaman kung ano ang tutubusin, at ugatin kung ano at paano ito nagsimula. Ang ikalawa namang hakbang ay edukasyon at pagsasanay. At ang panghuli ay ang pagsasala. Kinakailangang pag-aralan ang penomenon upang mailapat sa doktrina ng mga Kristiyano.

May pagkakapareho ang diskurso nina Chupungco at Lapid. Ang dalawa ay parehong naglalayong maibalik ang mayamang kultura ng Pilipinas sa

Kristiyanismo. Pareho nilang pinahahalagahan ang mga gawi at tradisyon ng mga Pilipino. Subalit magkaiba ang proseso ng kanilang inkulturasyon. Makikitang mas may lalim ang diskurso ni Lapid. Hindi lamang nakapokus ang diskurso niya sa inobasyon, bagkus iniugat niya muna ang isang penomenon bago niya ito pagyamanin. Sa paraan naman ni Chupungco, makikitang nasa antas lamang ng inobasyon ang kaniyang diskurso.

Liturhikal na Inobasyon

Upang maisagawa ang adbokasiya ng inkulturasyon, nilikha ni Chupungco ang Misa ng Bayang Pilipino. Ito ay isang pagtatangka ng inkulturasyon ng Roman Order ng misa sa konteksto ng kultura at tradisyon ng mga Pilipinong Katoliko. Ito rin ay naglalayong mailapat ang lingguwistiko at mga ritwal sa kultura ng relihiyosong Pilipino. Ang Misa ng Bayang Pilipino ay isang ritwal o uri ng pagsambang sumasalamain sa kultura, wika, kilos, at tradisyon ng mga Pilipinong maaaring angkinin. Itinuturo ng ritwal na habang ang mga elemento mula sa mga tanyag na relihiyosong kultura ay nagbibigay ng inspirasyon sa mga elemento ng ritwal sa pagdiriwang, ang kaisahan ng Roman Rite ay hindi makokompromiso. Subalit, hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin nabibigyan ng pahintulot ng Roma ang Misa ng Bayang Pilipino na nilikha ni Chupungco.

Sa kabilang banda, itinatag ni Lapid ang Kaloob: Philippine Music and Dance. Ito ay isang grupong binubuo ng mga may bokasyon sa pananaliksik, pagtubos, at promosyon ng kultura ng mga indigenous people para magamit sa Kristiyanong ebanghelisasyon at pagsamba na sinimulan ng Day By Day Christian Ministries, isang organisasyong itinalaga para sa sayaw at musika. Ipinahahayag ng mga miyembro ng Kaloob ang kanilang mga ritwal sa pamamagitan ng pagsasayaw. *Filipinos are a musical—very musical—people* (Lapid, 2010). Gusto ng mga Pilipinong sumayaw. Ang katutubong kultura ng mga Pilipino, lalo na ang relihiyon, ay puno ng paggawa ng musika, awit, at sayawan.

Malikhain ang mga liturhikal na inobasyon nina Chupungco at Lapid. Subalit, makikitang ang inobasyon ni Chupungco sa Misa ng Bayang Pilipino ay kontekstuwalisasyon pa rin ng mga ritwal ng mga kanluraning bansa. May bahid pa rin ng kolonisasyon ang ritwal na ito. Sa kabilang banda, ang mga

pananaliksik ng Kaloob na bahagi ng mga ritwal ng Day By Day Christian Ministries ay malinaw na pagsasa-Pilipino ng mga ritwal. Ang kanilang mga sayaw at ritwal ay nakaugat sa kaugalian ng Pilipino bago pa dumating ang mga Espanyol at mga Amerikano. Pinananatili nito ang orihinal na kultura ng mga Pilipino.

Kulturang Pilipino Bilang Pundasyon ng Inkulturasyon

Kilala ang mga Pilipino bilang isa sa may pinakarelihiyoso at may malalim na pananampalataya, at ang nag-iisang bansa sa Asyang dominante ang mga Katoliko. Sa buong taon, ipinahahayag nila ang kanilang pananampalataya sa pagdiriwang ng iba't ibang selebrasyon—panahon ng adbiyento, mga mahal na araw, pasko ng muling pagkabuhay, ang mga fiesta kung saan pinarangalan ang mga santo, at marami pang iba. Ganito ipinahahayag ng mga Pilipino ang kanilang pananampalataya. Para kay Chupungco, malaki ang naging papel ng popular religiosity sa liturhiya ng mga Pilipino. Ito ay nakaangkla sa Constitution on the Liturgy, artikulo 37 hanggang 40 na nagsasabing maaaring ilapat ito sa liturhiya. *I see no reason why popular religiosity, which is cultural in nature but Christian by nature, should not have a role in the process of liturgical inculturation (Chupungco, 1990).* Naging aktibo rin si Chupungco sa pagsasalin ng wika sa liturhiya sa mga bernakular na wika gamit ang kaniyang dynamic equivalence. Hindi lamang sa mga Katoliko, nakapag-ambag din siya sa iba pang mga relihiyon gaya ng World Council of Churches at sa Lutheran World Federation kung saan nagpokus siya sa liturhikal na kontekstuwalisasyon ng liturhiya at kultura.

Ganito rin ang naging pamantayan ni Lapiz. Tinubos nila ang tradisyon ng fiesta. Ipinakita ni Lapiz na ang fiesta ay isang Pilipinong tradisyong dapat nagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos. Maraming Pilipino ang nagkakaroon na ng kalituhan dahilan sa karamihan ng fiesta ay iniuugnay sa mga Santo (ng mga Katoliko). Itinakda ng Day By Day Christian Ministries ang unang araw ng Mayo bilang National Feast for Jesus o Pistang Kristiyano. Ito ay naglalayong maitama ang kalituhan ng karamihan sa Pilipino, at mabasag ang ideya na ang fiesta (para sa mga Protestante) ay masama sapagkat ito ay dedikado para sa mga Santo, at hindi sa Diyos. Dagdag pa rito, isa na

nga sa mga inisyatiba ni Lapiz ay ang kaniyang pag-aaral tungkol sa pasyon—ito ang *Renewed Awareness and Appreciation of local culture indicate positive reception of the Pasyon among the Evangelicals particularly at the DBD Christian Ministries of Pastor Ed, making it a possible liturgical expression of the Evangelical Faith*. Pinalitan ni Lapiz ang mga salitang ginamit na alinsunod sa mga Ebanghelista. Iniangkla rin ng pag-aaral na ito ang Kristiyanismo sa kasaysayan, etnisidad, at kultura ng mga Pilipino. Sa ganitong paraan, mailalapat ang kulturang Pilipino bilang bahagi ng Kristiyanismo sa bansa.

Pareho ang adhikain nina Chupungco at Lapiz na gamitin ang kulturang Pilipino bilang pundasyon ng inkulturasyon. Iniuugat nilang pareho ang mga tradisyong Pilipino na iba nga sa mga ito ay halos naburang kasaysayan ng Pilipinas dahil na rin sa kolonisasyon. Makikita ang pagkakaiba ng dalawa sa paraan kung paano nila iniuugat at inilalapat ang kulturang Pilipino sa mga ritwal. Kung susuriin, ang paraan ni Chupungco ay nakaangkla pa rin sa kanluraning bansa. Hindi pa rin makawala ang bahid ng kolonisasyon sa kaniyang mga *opus*. Makikita na ang mga ito ay naka-frame pa rin sa Roma. Noong naging Katoliko ang mga Pilipino, at ang iba ay naging Protestante o Evangelical, ang lahat ay naging kanluranin. Ang mga sayaw at musika ay naging kanluranin pati na rin ang mga instrumentong ginagamit sa mga sayaw ng Pilipino. Taliwas naman ito sa paraan ni Lapiz. Makikita sa kaniyang mga gawa ang pagsasa-Pilipino ng ilang gawang kanluranin. Gayundin, makikita ang mga inisyatiba ni Lapiz na tubusin ang mga orihinal na tradisyong kabilang sa kulturang Pilipino.

Paraan ng Pagpalaganap ng Kanilang Teorya at Praxis

Matapos magpakadalubsa ni Chupungco sa San Anselmo, at madebelop ang kaniyang hilig at kinalaunang ministryo—inkulturasyon, itinatag niya ang Pope Paul VI Institute of Liturgy. Ito ay naglalayong matulungan at maturuan ang mga pari at layko tungkol sa pag-aaral na liturhiya. Sa ganitong paraan, naipapasa ni Chupungco ang kaniyang mga natutuhan, at ang kaniyang adbokasiya sa mga sumasailalim sa programang ito. Ang institusyong ito ay tumanggap ng pagkilala mula sa Pontifical Liturgical Institute of S'Anselm sa Roma. Gayundin,

umakda rin si Chupungco ng halos 81 publikasyon tungkol sa liturhiya, inkulturasyon, pagsasalin, at iba pa.

Sa kabilang banda, itinatag ni Lapid ang Day By Day Christian Ministries. Ang pangunahing misyon ng Day By Day ay mapalaganap ang paggamit ng sining ng mga Pilipino sa pagsamba. Ito rin ay naglalayong tubusin ang kultura ng Pilipinas, sayaw at musika para sa paggamit sa Kristiyanong pagsamba at liturhiya. Gayundin, nakapaglathala na si Lapid ng humigit-kumulang sa 58 publikasyon tungkol sa inkulturasyon, pagiging Pilipinong Kristiyano, at marami pang iba. Dagdag pa rito, itinatag din niya ang KALOOb: Philippine Music and Dance, na itinalaga sa sayaw at musikang magagamit sa Kristiyanong ebanghelisasyon at pagsamba.

Kung titingnan ang paraan at metodo ng pagpapalaganap ng teorya at praxis nina Chupungco at Lapid, makikitang ang pokus ni Chupungco ay teorya o akademiko. Kapansin-pansin din na ang background ni Chupungco ay karaniwang mga paaralan. Kakikitaan din siya ng kaniyang pagiging iskolar sa kaniyang mga akda. Sa ganitong paraan, naipapasa ni Chupungco ang kaniyang mga kaalaman at adbokasiya sa kaniyang mga estudyante at tagasunod. Pareho mang iskolar sina Chupungco at Lapid, subalit mas kakikitaan ng lalim ang mga teorya ni Lapid. Ang kaniyang metodo ay naisasagawa. Ang kaniyang mga pananaliksik ay hindi lamang naililimbag bagkus ito ay ginagamit. Makikita ito sa kaniyang mga adbokasiya, pati na rin ang mga gawa ng Kaloob. Samakatwid, masasabing mas matagumpay si Lapid sa kaniyang pagpapalaganap ng pagsasa-Pilipino ng liturhiya—inkulturasyon kumpara kay Chupungco na namayapa na rin noong 2013.

Gamit ang lenteng Symbolic Interactionism, pinatunayan ng pag-aaral na ito na ang mga tao ang nagbibigay-kahulugan sa mga simbolo, at ang mga kahulugang ito ay kinalauna'y nagkokontrol sa mga tao. Natutuhan ang mga simbolong pangkultura sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pagkatapos ay magsisilbing tagapamagitan sa pakikipag-ugnayan. Ganito ang naging tuntungan ng mga teorya at praxis nina Chupungco at Lapid. Dagdag pa rito, kapansin-pansin din ang pag-overlap ng mga ibinahaging kahulugan (*shared meaning*) ng mga tao sa isang kultura. Nangangahulugan na ang isang indibidwal na natututo sa isang kultura ay may kakayahang maunawaan ang mga pag-uugali ng mga tao nakapaloob rito. Sapagkat ang kahulugan ng sarili ay likas na sosyal—ang sarili ay higit na tinutukoy sa pamamagitan ng pakikipag-

ugnayan sa kaniyang komunidad. Samakatwid, ang lawak ng kung saan ang isang tao ay nakatuon sa isang panlipunang pagkakakilanlan ay matutukoy sa kapangyarihan ng pagkakakilanlan na nakaaapekto sa kaniyang pag-uugali.

Kongklusyon

Sa pag-aaral na ito, sinipat natin ang intelektuwal na talambuhay nina Anscar Chupungco at Ed Lapid, dinalumat ang kani-kanilang liturhikal na inobasyon—ang inkulturasyon ni Chupungco, at ang cultural redemption ni Lapid, at pinaghambing ang kani-kanilang teorya at praxis batay sa teorya ni George Herbert Mead na Symbolic Interactionism.

Sa proseso ng mapanuring paghahambing ng dalawa, nasumpungan natin ang mga sumusunod: Una, mas bata man si Lapid kaysa kay Chupungco, mas maagang nadebelop ang interes ni Lapid sa pagsasa-Pilipino ng mga ritwal. Makikita rin na may mas malawak na pundasyon sa araling Pilipinas si Lapid dahil sa kaniyang mga pag-aaral at mga ministeryo, bukod pa sa kaniyang kursong Batsilyer sa Philippine Arts, Masterado at Doktorado sa Philippine Studies. Pangalawa, may pagkakapareho ang diskurso nina Chupungco at Lapid. Layunin nilang maisa-Pilipino ang mga ritwal. Nagkaiba ang dalawa sa proseso ng kanilang inkulturasyon. Ang teorya ni Chupungco ay naka-angkla pa rin sa Romano Katoliko na inilalapat sa kultura ng mga Pilipino—*dynamic equivalence*. Sa kabilang banda, ang kay Lapid naman ay hindi lamang inkulturasyon, bagkus ito ay *pagtubos* sa kulturang Pilipino na tinawag niyang cultural redemption. Pangatlo, makikita ang pagiging malikhain nina Chupungco at Lapid sa kanilang liturhikal na inobasyon. Gaya ng nabanggit sa itaas, ang Misa ng Bayang Pilipino ay kontekstuwalisasyon ng mga ritwal ng kanluraning bansa. Mayroon mang inisyatibang mainkorpora ang mga kulturang Pilipino sa liturhikal na inobasyong ito, hindi pa rin ito makawala sa kolonisadong ritwal. Ang ritwal ng Day By Day Christian Ministries, ang pagpapahiyang, sa kabilang banda, ay ganap na *pagtubos* at promosyon ng kulturang Pilipino. Layunin nitong maging ganap na tunog at gawing Pilipino ang kanilang mga ritwal. Ang Misa ng Bayang Pilipino ay kinakailangan pang aprubahan ng Santo Papa, subalit ang pagpapahiyang ay hindi na kinakailangan ng pahintulot dahil mismong si Lapid ang namumuno ng Day By Day Christian

Ministries. Sa katunayan, laganap na rin sa iba pang ebanghelikhang iglesia ang pagpapahiyang. Naging adbokasiya man ni Chupungco ang inkulturasyon, makikita na limitado ang naging praxis ni Chupungco dito dahil sa nakapaloob siya sa isang “*established*” na simbahan na may unibersal na mga gawi at ritwal.

Pang-apat, makikita na parehong kulturang Pilipino ang naging pundasyon ng inkulturasyon nina Chupungco at Lapiz. Iniangkla ng dalawa ang kanilang mga inobasyon sa mga tradisyon at selebrasyon ng mga Pilipino. At panghuli, parehong may lalim ang metodo nina Chupungco at Lapiz. Hindi maisasagawa ang isang bagay kung walang pinagmulan o teorya, gayundin ang teorya na walang praxis. Ang metodo ni Chupungco ay akademiko. Ito ay sumasalamin sa kaniyang mga akda. Samantala, ang kay Lapiz naman ay masasabing naisasagawa. Ang kaniyang mga akda ay hindi nananatiling nakasulat, bagkus ito ay isinasagawa ng Day By Day Christian Ministries.

Sa kabila ng pagkakapareho at pagkakaiba, ang pag-aaral na ito ay sumipat upang mapanuring makita ang teorya at praxis ng dalawang iskolar sa kanilang adbokasiyang isa-Pilipino ang ritwal —inkulturasyon, gamit ang Symbolic Interactionism, nakilala natin nang mas malawak at mas malalim ang ating kaalaman tungkol sa inkulturalismo nina Anscar Chupungco at Ed Lapiz na mag-aambag sa ating kaalaman tungkol sa inkulturalismo sa mundo ng pananampalataya sa Pilipinas. Magkaiba man ng relihiyong kinabibilangan, nagsilbing kasangkapan ang teorya at praxis ng dalawa sa pagiging Pilipinong Kristiyano. Malinaw na makabayang pag-iisip ang nais nina Chupungco at Lapiz. Ipinauunawa na kinakailangang maintindihan ang kultura bago maintindihan ang espiritalidad ng isang tao. Ito ang magsisilbing tuntungan, ang kultura, ang siyang paglalagyan ng espiritu. Kinakailangan itong maisakonteksto sa pamamagitan ng inkulturasyon. Samakatwid, ang relihiyon at kultura ay magkatambal na hindi kailanman maaaring mapaghiwalay sa isa’t isa. Parehong sina Chupungco at Lapiz ay nagpapahayag ng pagpapahalaga sa kultura.

Tunay ngang sa pag-aaral ng relihiyon, makikita ang mga umuusbong na penomenon sa kasalukuyan na maituturing na nakaaapekto sa isang lipunan, at sa bawat indibidwal na kabilang dito. Sa pag-aaral na ito, nakita na nagdidiskurso ng bagong imahen ng Pilipino sina Chupungco at Lapiz habang dinadala nila ang kanluraning pananampalataya papunta sa nabubuong imaheng ito.

SANGGUNIAN

- Barran, Stanley J. & Davis Dennis K. Mass communication theory. 6 th ed. Wadsworth: Cengage Learning, c2010. Print.
- Carey, James W. Culture and communications. Communication Research, 2, 173-191, c1975a. Print.
- Sociology and public affairs: The Chicago School. Beverly Hills, CA: Sage, c1975b. Print.
- Chupungco, Anscar J. Towards a Filipino Liturgy. Manila. c1976. Print.
- Chupungco, Anscar J. Filipino culture and Christian Liturgy. Lit. Cult, p 62-71, c1977. Print.
- A Filipino attempt at Liturgical indigenization. Ephemerides Liturgiae, 91, c1977. Print.
- Chupungco, Anscar J. Cultural adaptation of the Liturgy. New York: Wipf and Stock, c1982. Print.
- Liturgy for the Filipino church: A collection of talks of Fr. Anscar J. Chupungco, OSB at the Annual National Meeting for Diocesan Directors of Liturgy. Manila, c2016. Print.
- Creswell, J W.. Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (4th ed.). Boston, MA: Pearson, 2012.
- Lapiz, Eduardo M. Pagpapahiyang: Redeeming culture and indigenizing Christianity. Makati: KALOOB, c2010. Print.
- Lapiz, Eduardo M. Pagbabalik-Loob (Returning to one’s indigenous essence). Makati: KALOOB, c2002. Print.
- Macasaet, Marty. The Spiritual journey of young Filipinos. The Y Factor: 2009 Yearbook on the Filipino Youth. Makati: Salesian Missions, c2009. Print.
- National Statistics Office. Exposure of Population to Mass Media 2008. Manila: National Statistics Office, c2008. Print.
- Tiatco, Sir Anril. Performing Catholicism: Faith and Theater in Philippine Province. Quezon City: University of the Philippines Press. 2016.
- Wostyn, Lode. Doing Ecclesiology. Church and Mission Today. Quezon City: Claretian Publications, 1990. Print.